OPSAM HEALTH
Caring for the Community Since 1973

# ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO
**Petsa ng Pagkakabisa: Hulyo 1, 2026**

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAKAKAKUHA NG AKSES SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING BASAHIN ITO NANG MABUTI.**

## Ang Aming Pangako at mga Pananagutan Hinggil sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan

Nauunawaan naming pribado ang iyong impormasyong pangkalusugan. Nakatuon kami sa pagprotekta sa pagkapribado ng impormasyong ito. Sa bawat pagbisita mo sa Opsam Health, gumagawa kami ng rekord ng mga serbisyong ibinigay. Kailangan namin ang impormasyong ito upang mabigyan ka ng de-kalidad na pangangalaga at sumunod sa ilang legal na kinakailangan. Nalalapat ang abisong ito sa lahat ng medikal at billing record na ginawa ng mga provider at tauhan ng pangangalagang pangkalusugan ng Opsam Health. Dapat naming ibigay sa iyo ang Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado na ito.

## Mga Pagbabago sa Abisong Ito

Inilalaan ng Opsam Health ang karapatang baguhin ang abisong ito. Inilalaan din namin ang karapatang ipatupad ang binagong abiso sa lahat ng impormasyong pangkalusugan na mayroon na kami at sa anumang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Magpo-post kami ng kopya ng Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado na ito sa aming mga pasilidad at sa aming website sa www.opsam.org. Makukuha ang kopya ng kasalukuyang abiso sa registration area ng bawat pasilidad.

## Paano Namin Maaaring Gamitin at Isiwalat ang Iyong Impormasyong Pangkalusugan

Inilalarawan ng mga sumusunod na kategorya ang iba't ibang paraan ng paggamit ng Opsam Health sa iyong impormasyong pangkalusugan (tinatawag ding protektadong impormasyong pangkalusugan) at kung paano ito maaaring isiwalat sa ibang tao at entidad.

**Paggamot:** Ginagamit at isiniwalat namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang ibigay, iugnay, at pamahalaan ang iyong pangangalagang pangkalusugan at kaugnay na mga serbisyo. Maaari naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga doktor, nurse, technician, medical student intern, o ibang tauhang kasangkot sa pag-aalaga sa iyo habang bumibisita ka sa amin.

**Pagbabayad:** Maaaring gamitin at isiwalat ng Opsam Health ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan upang maningil para sa mga serbisyong ibinigay at tumanggap ng bayad mula sa iyo, isang kompanya ng insurance, o isang third party. Maaari ring kabilang dito ang pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan upang makakuha ng prior authorization mula sa iyong planong insurance para sa paggamot at mga pamamaraan.

**Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang sa mga gawaing ito ang mga aktibidad para sa pagtitiyak ng kalidad, mga gawaing administratibo, kabilang ang pagpaplanong pinansyal at operasyon at pagpapaunlad ng klinika ng Opsam Health, mga aktibidad para sa serbisyo sa pasyente,

kabilang ang pag-iimbestiga ng mga reklamo at follow-up call pagkatapos ma-discharge; at mga gawaing pangkaligtasan ng kliyente. Maaari rin naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang kontakin ka at ipaalala ang iyong appointment.

**Mga Business Associate:** Maaaring gamitin o isiwalat ng Opsam Health ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang panlabas na kompanyang nangangailangan nito upang tumulong sa pagpapatakbo ng aming mga health center o pagbibigay ng mga serbisyo para sa amin. Ang mga panlabas na kompanyang ito ay tinatawag na “Business Associates.” Inaatasan ang mga Business Associate na panatilihing kumpidensiyal ang anumang impormasyong pangkalusugan na natanggap mula sa amin sa parehong paraan na ginagawa namin. Inaatasan namin ang mga Business Associate na lumagda sa kontratang nagsasaad na poprotektahan nila nang angkop ang iyong impormasyong pangkalusugan.

**Mga Sitwasyong Maaaring Mangailangan ng Iyong Awtorisasyon o Pahintulot:**

- **Pamilya, mga Kaibigan, at Ibang Tao:** Maaaring ibahagi ng Opsam Health ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa miyembro ng pamilya, kamag-anak, o ibang taong itinalaga mo na may kinalaman sa iyong pangangalagang pangkalusugan o sa pagbabayad para rito, batay sa iyong pasalitang pahintulot o kapag maaari naming ipalagay na wala kang pagtutol. May karapatan ka ring humiling ng paghihigpit sa pagsisiwalat ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga taong maaaring kasangkot sa iyong pangangalaga. Kung wala ka upang magbigay ng pahintulot, wala kang kakayahang magpasya, o nasa emerhensiya o sitwasyon ng pagtugon sa sakuna, gagamit kami ng propesyonal na pagpapasya upang matukoy kung ang pagsisiwalat ng limitadong protektadong impormasyong pangkalusugan ay para sa iyong pinakamabuting kapakanan sa ilalim ng mga pangyayari.
- **Mga Health Information Exchange:** Maaaring lumahok ang Opsam Health sa isa o higit pang Health Information Exchange (HIE), kung saan maaari naming ibahagi ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan, alinsunod sa mga batas pederal o pang-estado, sa ibang provider o entidad ng pangangalagang pangkalusugan para sa koordinasyon ng pangangalaga. Kung ayaw mong ibahagi ng Opsam Health ang iyong impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng HIE, magkakaroon ka ng pagkakataong mag-opt out. Kung pumayag kang ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng HIE, maaari naming limitahan ang pagbabahagi ng sensitibong impormasyong pangkalusugan, gaya ng mga rekord ng paggamot sa substance use disorder, kalusugang reproduktibo, abortion, kontrasepsiyon, pangangalagang nagpapatibay ng kasarian, mga tala sa psychotherapy, impormasyon sa HIV/STI o nakahahawang sakit, at mga serbisyong pinahintulutan ng menor de edad, alinsunod sa naaangkop na mga batas.
- **Pagsisiwalat ng Paggamot sa Pag-abuso sa Droga at Alkohol:** Ang ilan sa impormasyong pangkalusugan na pinananatili namin ay maaaring may kaugnayan sa diagnosis, paggamot, o referral para sa paggamot ng substance use disorder. Maaaring sumailalim ang impormasyong ito sa karagdagang pederal na proteksiyon sa pagiging kumpidensiyal sa ilalim ng batas na kilala bilang 42 C.F.R. Part 2 Confidentiality of Substance Use Disorder Patient Records, na nagbibigay ng mas mataas na proteksiyon sa pagkapribado kaysa HIPAA para sa ilang rekord. Isisiwalat namin ang impormasyon tungkol sa paggamot mo sa droga at alkohol alinsunod sa Part 2. Maaaring mas limitado

ang paraan ng paggamit o pagsisiwalat namin sa impormasyong ito, kahit para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, maliban kung magbigay ka ng nakasulat na pahintulot o may naaangkop na legal na eksepsiyon. Hindi namin maaaring gamitin o ibahagi ang impormasyon ng pasyenteng may substance use disorder sa mga sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibong imbestigasyon o paglilitis nang wala ang iyong pahintulot o utos ng hukuman at subpoena na sumusunod sa mga kinakailangan ng Part 2. Bukod dito, kung mayroon kami ng iyong mga rekord sa substance use disorder, magbibigay kami ng malinaw na paunang abiso at pagkakataong piliing huwag tumanggap ng mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo.

- **Pananaliksik:** Maliban kung may naaangkop na eksepsiyon, maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan sa mga mananaliksik kapag nakakuha ng awtorisasyon o kapag inaprubahan ng Institutional Review Board o Privacy Board ang waiver ng awtorisasyon at panukalang pananaliksik, naitatag ang naaangkop na mga protocol upang protektahan ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan, at nakuha ang lahat ng iba pang kinakailangang dokumentasyon. Maaari rin naming gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan para sa ilang pananaliksik nang walang awtorisasyon kung, at hanggang sa lawak na, pinahihintulutan ng naaangkop na batas.
- **Pangangalap ng Pondo:** Kung kokontakin ka namin upang mangalap ng pondo para sa Opsam Health, bibigyan ka namin ng karapatang mag-opt out sa pagtanggap ng gayong komunikasyon.

**Mga Sitwasyong Hindi Nangangailangan ng Iyong Awtorisasyon:** Pinahihintulutan ng mga batas pang-estado at/o pederal ang mga sumusunod na pagsisiwalat ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan nang hindi kumukuha ng pasalita o nakasulat na pahintulot.

- **Donasyon ng Organ at Tissue:** Maaari naming ilabas ang protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyong nangangasiwa sa pagkuha ng organ o paglipat ng organ, mata, o tissue, o sa isang organ donation bank kung kinakailangan upang mapadali ang donasyon at paglipat ng organ o tissue.
- **Upang Maiwasan ang Malubhang Banta sa Kalusugan o Kaligtasan:** Maaari naming gamitin at isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo kapag kinakailangan upang maiwasan ang malubhang banta sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao o ng publiko. Gagawin lamang ang mga pagsisiwalat na ito sa mga awtoridad na may tungkuling protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng aming mga komunidad.
- **Mga Gawain sa Pampublikong Kalusugan:** Maaaring isiwalat ng Opsam Health ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga gawain sa pampublikong kalusugan. Karaniwang kabilang dito ang sumusunod:
  - Upang maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala, o kapansanan
  - Upang iulat ang mga kapanganakan at pagkamatay
  - Upang iulat ang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata at nasa hustong gulang
  - Upang iulat ang masasamang pangyayari o depekto o recall ng produkto
  - Upang abisuhan ang mga pasyenteng maaaring nalantad sa isang karamdaman o sakit, o maaaring nasa panganib na mahawa o magkalat ng nakahahawang sakit

**Mga Gawain sa Pangangasiwa sa Kalusugan:** Maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga ahensiya ng pangangasiwa sa kalusugan para sa mga gawaing pinahihintulutan ng batas. Kabilang sa mga ito ang audit, imbestigasyon, inspeksiyon, at paglilisensiya. Kinakailangan ang mga gawaing ito upang masubaybayan ng pamahalaan ang mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programang pampamahalaan, at pagsunod sa mga batas sa karapatang sibil.

**Mga Kaso sa Hukuman at mga Hindi Pagkakasundo::** Kung sangkot ka sa demanda o hindi pagkakasundo, maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa utos ng hukuman o administratibong utos. Maaari naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa subpoena, discovery request, o ibang legal na proseso ng ibang taong sangkot sa hindi pagkakasundo.

**Mga Gawain sa Pagpapatupad ng Batas:** Maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan kung hihilingin ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas para sa mga sumusunod na dahilan:

- Bilang tugon sa utos ng hukuman, subpoena, warrant, summons, o katulad na proseso
- Upang tukuyin o hanapin ang suspek, pugante, mahalagang saksi, o nawawalang tao
- Upang maglabas ng impormasyon tungkol sa kamatayang pinaniniwalaang resulta ng kriminal na gawain
- Kriminal na gawain sa aming pasilidad
- Iniaatasang pag-uulat ng krimen, lokasyon ng krimen o mga biktima, o pagkakakilanlan, paglalarawan, o lokasyon ng taong maaaring gumawa ng krimen

**Militar at mga Beterano:** Kung miyembro ka ng sandatahang lakas, maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ayon sa hinihingi ng mga awtoridad ng military command.

**Mga Coroner, Medical Examiner, at Mortuary:** Maaari naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan sa coroner o medical examiner. Maaaring kailanganin ito upang matukoy ang pagkakakilanlan ng namatay o ang sanhi ng pagkamatay.

**Pambansang Seguridad at mga Aktibidad Pangkatalinuhan:** Maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga awtorisadong opisyal pederal para sa intelligence at/o counterintelligence at iba pang gawaing pambansang seguridad na pinahihintulutan ng batas.

**Mga Bilanggo:** Kung ikaw ay nakakulong sa correctional institution o nasa kustodiya ng opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa correctional institution o opisyal ng pagpapatupad ng batas.

**Workers’ Compensation:** Maaari naming isiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan upang sumunod sa Workers’ Compensation Law ng Estado o katulad na programa kung mayroon kang pinsalang kaugnay ng trabaho.

**Mga Sitwasyong Nangangailangan ng Iyong Awtorisasyon**

Hindi namin ibinabahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong awtorisasyon para sa mga sumusunod na layunin maliban kung may naaangkop na eksepsiyon. Kung sumang-ayon kang pahintulutan ang pagbabahagi ng impormasyong ito, kakailanganin ang hiwalay na mga awtorisasyon.

- Mga Layunin sa Marketing
- Pagbebenta ng Iyong Impormasyon
- Mga Tala sa Psychotherapy

Mga Personal na Karapatan Hinggil sa Iyong Protektadong Impormasyong Pangkalusugan: Mangyaring makipag-ugnayan sa aming Departamento ng Pagsunod para sa impormasyon o mga tagubilin sa paggamit ng alinman sa mga sumusunod na karapatan. Maaari kang makipag-ugnayan sa Opsam Health Compliance sa (209) 683-5057, sa email na compliance@opsam.org, o sa pamamagitan ng pagsulat sa Compliance Department, Opsam Health, 637 3rd Avenue, Suite E1, Chula Vista, CA, 91910.

**May karapatan kang:**

- Humiling ng papel na kopya ng abisong ito anumang oras, kahit pumayag kang tanggapin ito nang elektroniko. Maaari kang humiling ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa (209) 683-5057 o pagtatanong sa registration desk sa alinman sa aming mga klinika.
- Suriin, kopyahin, o humiling ng elektronikong datos pangkalusugan mula sa iyong medikal na rekord na maaaring gamitin sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga, alinsunod sa ilang eksepsiyon. Maaaring may maliit na bayad sa pagproseso ng mga kahilingang ito. Nais mo mang suriin ang iyong rekord, tumanggap ng kopya, o tumanggap ng impormasyon mula sa electronic health record, dapat mong gawin ang kahilingan nang nakasulat. Maaari ka ring humiling ng access sa aming patient portal upang makatulong sa pag-access ng iyong impormasyon. Maaari naming tanggihan ang access sa ilang impormasyon sa pamamagitan ng portal. Kung tatanggihan namin ang access, ibibigay namin sa iyo nang nakasulat ang dahilan at ipaliliwanag kung paano mo maaaring iapela ang desisyon.
- Humiling ng pagwawasto sa iyong health record kung sa palagay mo ay mali o hindi kumpleto ang impormasyon. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa pagwawasto kung hindi ito nakasulat o walang kasamang dahilan na sumusuporta rito. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan kung ang impormasyon ay hindi ginawa ng aming pasilidad, hindi bahagi ng impormasyong pahihintulutan kang suriin at kopyahin, o kung tumpak at kumpleto ang impormasyon. Kung tatanggihan ng Opsam Health ang iyong kahilingan sa pagwawasto, padadalhan ka namin ng nakasulat na abiso ng pagtanggi na nagsasaad ng batayan nito at mga tagubiling nagbibigay sa iyo ng pagkakataong magsumite ng nakasulat na pahayag na hindi sumasang-ayon sa pagtanggi.
- Kumuha ng accounting ng mga pagsisiwalat ng iyong impormasyong pangkalusugan. Magbibigay ang accounting ng listahan ng mga pagsisiwalat para sa mga layuning maliban sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, o mga pagsisiwalat na ibinukod ng batas o pinahintulutan mo.

- Humiling na iparating ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ibang paraan o sa ibang lokasyon. Hindi mo kailangang magbigay ng paliwanag sa kahilingan bilang kondisyon para magbigay ang Opsam Health ng kumpidensiyal na komunikasyon.
- Humiling ng mga paghihigpit sa ilang paggamit at pagsisiwalat. Dapat mong hilingin nang nakasulat ang paghihigpit at ipadala ito sa aming Departamento ng Pagsunod. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa anumang paghihigpit na hihilingin mo. Kung sasang-ayon kami, susundin namin ang iyong kahilingan maliban kung kailangan ang pinaghigpitang protektadong impormasyong pangkalusugan upang mabigyan ka ng emerhensiyang paggamot.

**Mga Tungkulin ng Opsam Health**

- Inaatasan ng batas ang Opsam Health na panatilihin ang pagkapribado ng protektadong impormasyong pangkalusugan at magbigay sa mga indibidwal ng abiso tungkol sa mga legal na tungkulin at mga kasanayan nito sa pagkapribado.
- Inaatasan ng batas ang Opsam Health na abisuhan ang mga apektadong indibidwal tungkol sa paglabag sa hindi ligtas na protektadong impormasyong pangkalusugan na maaaring nakaapekto sa pagkapribado o seguridad ng kanilang impormasyon.
- Dapat sundin ng Opsam Health ang mga tuntunin ng kasalukuyang Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado.

**Mga Reklamo**

Maaari kang magsampa ng reklamo tungkol sa abisong ito o tungkol sa paraan ng aming pamamahala sa iyong impormasyon tungkol sa kalusugan sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan.

- Maaari kang maghain ng reklamo sa Opsam Health sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Opsam Health Compliance Department sa (209) 683-5057, pag-email sa compliance@opsam.org, o pagsulat sa Compliance Department, Opsam Health, 637 3rd Avenue, Suite E1, Chula Vista, CA, 91910.
- Maaari ka ring maghain ng nakasulat na reklamo sa Kalihim ng Department of Health and Human Services alinsunod sa mga tagubilin ng OCR sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa Centralized Case Management Operations, U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue, S.W., Room 509F HHH Bldg., Washington, D.C. 20201, pag-email sa OCRComplaint@hhs.gov, o pagsusumite ng reklamo sa Complaint Portal ng Office for Civil Rights sa: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf.